



## Bakuna sa Tetano at Dipterya (Td) Tetanus and Diphtheria (Td) Vaccine

Ang pagbabakuna ay nagligtas ng maraming buhay sa Canada sa huling 50 mga taon kaysa sa anumang iba pang hakbang sa kalusugan.

### Ano ang Td na bakuna

Ang bakunang Td ay nagpoprotekta laban sa 2 na mga sakit:

- Tetano
- Dipterya

Ang bakuna ay inaprubahan ng Health Canada at ibinigay nang libre. Tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang gumawa ng tipanan.

Sa maagang pagkabata, ang pagbabakuna para sa tetano at dipterya ay pinagsama sa iba pang mga bakuna tulad ng pertussis [mahalag na ubo (whooping cough)] at polyo. Ang mga bakuna ay ibinigay bilang isang serye na mga dosis. Karamihan sa mga bata ay tumatanggap ng mga ito bilang mga sanggol at maliliit na bata. Nakakakuha sila ng tagasunod [booster] na dosis bago sila magsimula sa kindergarten at muli sa baitang 9.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagbabakuna na ito, tingnan ang mga sumusunod na HealthLinkBC Files:

- [HealthLinkBC File #15a Bakuna sa Tetano, Dipterya, Pertussis, Polyo \(Tdap-IPV\)](#)
- [HealthLinkBC File #15b Bakuna sa Dipterya, Tetano, Pertussis, Polyo, \*Haemophilus influenzae\* Type b \(DTaP-IPV-Hib\)](#)
- [HealthLinkBC File #18c Bakuna sa Tetano, Dipterya, Pertussis, Polyo \(Tdap-IPV\)](#)
- [HealthLinkBC File #105 Bakuna sa Dipterya, Tetano, Pertussis, Hepatitis B, Polyo, at \*Haemophilus Influenzae\* Type b \(DTaP-HB-IPV-Hib\)](#)

### Sino ang dapat makakuha ng bakuna sa Td?

Ang bakuna ay maaaring ibigay sa mga taong hindi bababa sa 7 taong gulang. Ang mga nasa hustong gulang na nabakunahan laban sa tetano at dipterya noong sila ay mas bata pa ay dapat makakuha ng booster na dosis ng bakuna sa Td tuwing 10 taon. Ang

booster na dosis ay nagpapatibay o nagpapalakas ng sistema laban sa sakit upang magbigay ng mas mahusay na proteksyon laban sa mga sakit na ito. Ang mga nasa hustong gulang na hindi pa nabakunahan o walang rekord ng paunang pagbabakuna ay dapat ding makakuha ng bakuna. Ang bakuna ay maaari ding ibigay sa mga taong may malubhang hiwa o malalim na mga sugat kung ang kanilang huling bakuna sa tetano ay ibinigay mahigit sa 5 taon na ang nakakaraan.

Kung mayroon kang malubhang hiwa o sugat, kabilang ang mga butas, mga kagat, mga paso o mga gasgas, inirerekomenda na magpatingin kaagad sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan para sa paggamot. Ito ay lalong mahalaga kung ang sugat ay marumi.

Mahalagang panatilihin ang isang talaan ng lahat ng natanggap na mga pagbabakuna.

### Ano ang mga benepisyo ng bakuna sa Td?

Ang bakuna sa Td ay ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan laban sa tetano at dipterya, na malubha at kung minsan ay nakamamatay na mga sakit.

Kapag nabakunahan ka, nakakatulong ka ring protektahan ang iba.

### Ano ang mga posibleng reaksyon pagkatapos ng bakuna?

Ang mga bakuna ay napakaligtas. Mas ligtas na kumuha ng bakuna kaysa makakuha ng tetano o dipterya.

Maaaring kabilang sa mga karaniwang reaksyon sa bakuna ang sakit, pamumula at pamamaga kung saan ibinigay ang bakuna. Ang lagnat, sakit ng ulo at sakit ng kalamnan ay maaari ding mangyari.

Ang Acetaminophen (hal. Tylenol®) o ibuprofen (hal. Advil®) ay maaaring ibigay para sa lagnat o sakit. Ang ASA (hal. Aspirin®) ay hindi dapat ibigay sa sinumang wala pang 18 taong gulang dahil sa panganib ng Reye Sindrom.

\*Ang ibuprofen ay hindi dapat ibigay sa mga batang wala pang 6 na buwang gulang nang hindi muna nakikipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Reye Sindrom, tingnan ang [HealthLinkBC File #84 Reye Syndrome](#).

Mahalagang manatili sa klinika ng 15 minuto pagkatapos makakuha ng anumang bakuna dahil may napakabihirang posibilidad, na mas mababa sa 1 sa isang milyon, ng isang nagbabanta-sa-buhay na reaksiyong alerhiya na tinatawag na anaphylaxis. Maaaring kasama dito ang mga pantal, kahirapan sa paghinga, o pamamaga ng lalamunan, dila o mga labi. Kung mangyari ang reaksiyong ito, nakahanda ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na gamutin ito. Kasama sa paggamot sa emerhensiya ang pangangasiwa ng epinephrine (adrenaline) at paglipat sa pinakamalapit na departamento ng emerhensiya sa pamamagitan ng ambulansya. Kung magkaroon ng mga sintomas pagkatapos mong umalis sa klinika, tumawag sa **9-1-1** o sa numero ng iyong lokal na emerhensiya.

Mahalaga na palaging iulat ang seryoso o hindi inaasahang mga reaksiyon sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

## Sino ang hindi dapat makakuha ng bakuna sa Td?

Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung nagkaroon ka ng isang nagbabanta-sa-buhay na reaksiyon sa isang nakaraang dosis ng bakunang tetano o dipterya, o anumang sangkap ng bakuna.

Ang mga taong nagkaroon ng Guillain-Barré Syndrome (GBS) sa loob ng 8 linggo ng pagkuha ng bakuna sa tetano, nang hindi natukoy ang ibang dahilan, ay hindi dapat kumuha ng bakuna sa Td. Ang GBS ay isang bihirang kondisyon na maaaring magresulta sa panghihina at paralysis ng mga kalamnan ng katawan. Ito ay kadalasang nangyayari pagkatapos ng mga impeksyon, ngunit sa mga bihirang kaso ay maaari ding mangyari pagkatapos ng ilang mga bakuna.

Hindi na kailangang ipagpaliban ang pagpapabakuna dahil sa sipon o iba pang banayad na sakit. Gayunpaman, kung mayroon kang mga alalahanin, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

## Ano ang tetano at dipterya?

Ang **Tetano**, na kilala rin bilang lockjaw (paninigas ng panga), ay sanhi ng bakteryang na kadalasang matatagpuan sa lupa. Kapag ang bakteryang ay pumasok sa balat sa pamamagitan ng isang hiwa o gasgas, ang mga ito ay gumagawa ng isang lason na maaaring maging sanhi ng masakit na paninikip ng mga kalamnan sa buong katawan. Napakaseryoso kung maapektuhan ang mga kalamnan sa paghinga. Hanggang 1 sa 5 tao na nagkakaroon ng tetano ay maaaring mamatay.

Ang **dipterya** ay isang malubhang impeksyon sa ilong at lalamunan na dulot ng dipteryang bakteryang. Ang bakteryang ay kumakalat sa hangin sa pamamagitan ng pagbahing o pag-ubo at sa pamamagitan ng direktang pagkakadikit ng balat sa balat. Ang sakit ay maaaring magresulta sa napakaseryosong mga problema sa paghinga. Maaari rin itong maging sanhi ng pagpalya ng puso at paralysis. Humigit-kumulang 1 sa 10 na tao na nagkakaroon ng dipterya ay maaaring mamatay.

Ang mga sakit na ito ay bihira na ngayon sa B.C. dahil sa mga regular na programa ng pagbabakuna sa pagkabata.

## Pahintulot ng Gumugulang na Menor de Edad

Inirerekomenda na pag-usapan ng mga magulang o mga tagapag-alaga at kanilang mga anak ang pahintulot para sa pagbabakuna. Ang mga batang wala pang 19 na taong gulang, na nakakaunawa ng mga benepisyo at mga posibleng reaksiyon para sa bawat bakuna at panganib sa hindi pagkuha ng bakuna, ay maaaring legal na pumayag o tumanggi sa mga pagbabakuna. Para sa higit pang impormasyon sa pahintulot ng gumugulang na menor de edad tingnan ang [HealthLinkBC File #119 Ang Batas sa mga Sanggol, Pahintulot ng Gumugulang na Menor de Edad at Pagbabakuna](#).

## Para sa Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon sa mga pagbabakuna, bisitahin ang ImmunizeBC sa <https://immunizebc.ca/>.



---

Para sa karagdagang HealthLinkBC File na mga paksa, bisitahin ang [www.HealthLinkBC.ca/more/resources/healthlink-bc-files](http://www.HealthLinkBC.ca/more/resources/healthlink-bc-files) o ang iyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan. Para sa hindi pang-emerhensiyang impormasyon sa kalusugan at payo sa B.C. bisitahin ang [www.HealthLinkBC.ca](http://www.HealthLinkBC.ca) o tawagan ang **8-1-1** (libreng-tawag). Para sa tulong sa bulag at may kapansanan sa pandinig (TTY), tumawag sa **7-1-1**. Ang mga serbisyo ng pagsasalin ay makukuha sa mahigit sa 130 mga wika kapag hiniling.